Mga Impormasyon at FAQ ng Inland Regional Center Tungkol sa Mga Iniangkop na Serbisyo sa Araw o Tailored Day Services

Ano ang Mga Iniangkop na Serbisyo sa Araw (Tailored Day Services o TDS)?

Ang Mga Iniangkop na Serbisyo sa Araw (TDS) ay isang opsyon para sa mga indibidwal na kwalipikado para sa mga serbisyo ng IRC pero interesado sa mga hindi tradisyonal na serbisyo sa araw at sa paglinang ng mga kasanayan sa trabaho. Nagbibigay-daan ang TDS sa flexibility sa tagal at bigat ng mga serbisyo, mas kaunting araw o oras, at flexibility sa lokasyon ng mga serbisyo upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan.

Nilalayon sa TDS na masuportahan ang mga indibidwal sa mga sumusunod na larangan: paghahanda sa trabaho, pag-aaral sa kolehiyo/post-secondary na edukasyon, mga oportunidad sa pagboboluntaryo, at mga may bayad na internship.

Ano ang ratio sa pagitan ng mga kawani at consumer para sa TDS?

Ang ratio para sa TDS ay 1:1, isang kawani sa bawat indibidwal.

Ilang oras/araw ako maaaring lumahok sa TDS?

Ang kabuuang bilang ng mga oras kada buwan ay nakabatay sa bawat indibidwal, dapat talakayin sa isang pulong ng IDT, at dapat na may layunin sa parehong IPP at ISP.

Ang kabuuang bilang ng mga oras kada buwan ng TDS para sa bawat indibidwal ay hindi dapat lumampas sa kabuuang bilang ng mga pinapahintulutang araw kada buwan, na naka-multiply sa 4. Hal: 10 pinapahintulutang araw kada buwan x 4= 40 oras kada buwan.

Maaari ba akong lumahok sa aking programa sa araw at sa TDS sa parehong pagkakataon?

Maaari kang makatanggap ng mga serbisyo mula sa isang regular na programa sa araw at sa TDS, gayunpaman, hindi maaari sa parehong araw ang mga ito. Ibibigay ang mga serbisyo ng TDS pagkatapos ng mga oras ng programming o ng regular na nakaiskedyul na programming.

Nakabukod dito ang mga dumadalo sa programang Aktibidad sa Trabaho. Para sa mga dumadalo sa programang aktibidad sa trabaho, maaari nilang gamitin ang dalawa sa parehong araw, pero nang hindi lalampas sa loob ng 6 na buwan.

Aling mga programa ang nagbibigay ng TDS?

Ibinibigay ang TDS ng mga programa sa araw na kinuha upang magbigay ng mga serbisyo ng TDS. Para sa programang available sa iyong lugar, mangyaring makipag-ugnayan sa

iyong nakatalagang Tagapagkoordina ng Mga Serbisyo sa Consumer (Consumer Services Coordinator o CSC).

Para sa mga karagdagang tanong tungkol sa pagbuo ng Mga Iniangkop na Serbisyo sa Araw, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong nakatalagang CSC.